IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

# MGA Kolektibong Karunungang Bayan Ng Claver: ISANG Pangnilalamang Pagsusuri

**Lezil C. Enteňa[1], Denzel Mark A. Ciruela[2], Hartly S. Esperon[3], Abegail E. Pedrosa[4]**
College of Teacher Education, Surigao del Norte State University, Surigao del Norte, Philippines

**Abstract**: *Ang pananaliksik hinggil sa mga kolektibong karunungang bayan ng Claver ay sumasaklaw sa anim (6) na barangay ng Bayan ng Claver. Layunin ng pananaliksik na ito na maidokumento at mahimay-himay ang mga karunungang bayan na matatagpuan sa munisiplidad ng Claver. Sa pamamagitan ng masinop na pagsusuri, nailalarawan nito ang kultura at identidad na mayroon ang isang pamayanan. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibong pagsusuri na kung saan nailarawan nito ang pangnilalamang pagpapakahulugan sa mga karunungan bayan na ginagamit ng mga mamamayan sa bayan ng Claver. Gumamit din ng Frequency Count at Percentage Distribution ang mga mananaliksik upang matukoy ang kabuuang bilang ng mga nakolektang karunungang bayan ng munisipalidad. Natuklasan sa pananaliksik na ang uri ng karunungang bayan na sawikain ay may pinakamataas na porsyento (49%), samantalang ang kawikaan naman ay may pinakamababang porsyento (8%). Maraming mga karunungang bayan ang nakalap sa munisipalidad ng Claver gaya ng Kawikaan, Kasabihan, Salawikain, at Sawikain na kung saan ito ay pumapaksa sa aspetong Pagmamahal, Kaasalan, Panlipunan, at Edukasyon. Sa kabuuan, may nalikom na 61 dami ng karunungang bayang Clavernon. Pinakamarami ay ang Sawikain at ang pinakamababa ang Kawikaan. Dito napatunayan na ang mga matatandang lumad Calvernon ay mahilig gumamit ng Sawikain dahilan sa kanilang maingat na pagsasalita sa kanilang kapwa o kahit sa mga kapamilya nito upang maiwasang masaktan ang mga damdamin. Ito ang pamamaraan ng kanilang pagdisiplina o pagbigay paala-ala sa mga kamag-anak o kakilala*

**Keywords:** kolektibong karunungang bayan, Claver, sawikain, kawikaan, kasabihan, salawikain, at pagmamahal

## I. INTRODUCTION

Sa kasaysayan ng bawat bansa, ang wika ay nagsisilbing pundasyon ng kultura at identidad. Ito ang daan upang maipahayag ang mga saloobin, kaalaman, at karanasan. Sa Pilipinas, ang Filipino at iba't ibang wika ng mga katutubong tribu ay tinitingnan bilang mga yaman ng bayan. Sa pagsusuri sa mga kolektibong karunungang bayan sa wika, mahalaga na unawain ang kahalagahan ng mga ito sa pagpapaunlad ng lipunan at pagpapalalim ng ugnayan sa pagitan ng mga mamamayan. Sa pagsusuri na ito, pag-aaralan ang mga pangunahing layunin at mga nagawa na ng Kolektibong Karunungang Bayan sa Wika. Tinitingnan ang mga proyekto at mga gawain na kanilang isinasagawa upang maipalaganap ang kaalaman sa wika sa iba't ibang sektor ng lipunan. Bukod dito, susuriin natin ang kanilang mga tagumpay at mga hamon na kanilang hinaharap sa pagtataguyod ng pag-unlad at pagpapalalim ng pag-aaral ng wika. Ayon kay dela Cruz (2020), ipinakita ang malalim na ugnayan ng wika sa pagkakakilanlan at kultura na pagsasakalaw ng isang indibidwal. Natukoy na ang pagpapahalaga sa sariling wika at kultura ay naglalarawan sa pagkakakilanlan ng isang tao at maaring magdulot ng positibong epekto sa kanyang pag-unlad at kahusayan sa iba’t ibang larangan ng buhay.

Sa iba't ibang bayan sa Pilipinas, ang karunungang-bayan ay ginagamit bilang gabay sa pagdedesisyon, paghubog ng mga asal, at pagpapanatili ng pagkakakilanlan ng komunidad. Nagtuturo ng payo o aral, hanggang sa nagpapalaganap ng kabutihang asal, ang mga karunungang-bayan ay may mahalagang papel sa paghubog ng ating lipunan. Sa pamamagitan ng pag-unawa at paggamit ng mga ito, patuloy nating naipapasa ang mga mahahalagang aral at tradisyon sa susunod na henerasyon. Ayon kay Combes (2022) ang mahalagang papel ng wikang Filipino sa edukasyon at lipunan. Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pagpapalaganap at pagpapahalaga sa wikang pambansa bilang susi sa pagpapaunlad ng kaalaman at pagpapalalim ng ugnayan sa pagitan ng mga mamamayan.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

Sa modernong panahon, ang karunungang bayan ay isa sa mga mahalagang aspeto ng ating kultura na nagbibigay ng malalim na pag-unawa sa ating kasaysayan at tradisyon. Gayunpaman, sa kabila ng kahalagahan nito, maraming problema ang kinakaharap ng karunungang bayan na nagdudulot ng pangamba sa patuloy nitong pag-iral at pag-unlad. Isa sa mga pangunahing suliranin ay ang unti-unting pagkawala at paglimot sa mga tradisyunal na kaalaman dahil sa modernisasyon at globalisasyon. Bukod dito, ang kakulangan ng dokumentasyon at sistematikong pag-aaral tungkol dito ay nagiging balakid sa pagpapanatili ng mga pamana. Dahil sa mga problemang ito ay nagbubukas ng diskusyon sa kung paano mapangangalagaan at mapapalaganap ang karunungang bayan sa makabagong henerasyon.

Sa bahaging ito ay layunin ng mananaliksik na maipakita sa pamamagitan ng ilang mga kaugnay na literatura at iba't ibang kaisipan na magpapaunlad at magpapalawak sa ginagawang pag – aaral ng mananaliksik. Ang Karunungang Bayan ay isang sangay ng panitikan na nagiging daan upang maipahayag ang mga kaisipan na napapabilang sa kultura ng bawat tribo. Ito ay may kahalagahan sa katutubong tradisyon na magiging gabay sa pagbasa at pagpapanitik sa anumang wika na naisulat ito, sa anumang panahon sa pananaw ng isang Pilipino (Uriarte, 2019). Sa pag-aaral ni Dr. Lorna Reyes (2019), ipinakita niya ang mahalagang papel ng kolektibong idyoma sa pang-arawaraw na talastasan. Sa kanyang pagsusuri, nilinaw niya ang mga aspeto ng dayalekto at kulturang lokal na kaakibat ng mga idyoma. Ipinakita rin niya ang kahalagahan ng pag-unawa sa konteksto ng mga idyoma upang mapalalim ang komunikasyon at mapanatili ang kanilang kahulugan sa isang partikular na komunidad. Ang pagbibigay-diin sa mga aspetong ito ay nagbibigay daan para sa mas malinaw at mas epektibong pakikipagtalastasan sa iba't ibang antas ng lipunan.

Sa mga naunang pag-aaral, sinuri ang implikasyon ng kolektibong karunungan bayan sa wika at edukasyon. Sa kanilang pagsasaliksik noong (2020), sinuri nina Smith at Johnson kung paano hinihulma ng karunungan bayan ang pagaaral ng wika at mga pamamaraang pang-edukasyon, na nagpapakita ng impluwensya nito sa mga pamamaraan ng pagtuturo at pagpapaunlad ng kurikulum. Isinasaalang-alang ng pananaliksik na ito ang idyoma bilang bahagi ng kultura ng isang grupo o komunidad (De Guzman 2021). Ipinapakita nito kung paano ang idyoma ay naglalarawan ng kultura at nagiging instrumento sa pagpapahayag ng mga kaisipan at damdamin ng mga tao. Sa kanyang akda, tinalima ni De Guzman ang mga pangunahing elementong bumubuo sa idyoma at kung paano ito nagsisilbing manipestasyon ng kultura.

Sa pagsusuri ni Chen (2019) na may pamagat na "Karunungan Bayan sa Panahon ng Digital: Isang Kasalukuyang Paglilimi," ipinakita ang kaakibat na pag-unlad ng mga karunungan bayan sa harap ng masusing impluwensya ng teknolohiya. Sa kanyang pag-aaral, binigyang-diin ni Chen ang mabilis na pag-usbong ng mga karunungan bayan sa gitna ng modernisasyon at digitalisasyon ng lipunan. Sa pag-aaral ni Johnson at Smith (2019), tinalakay nila ang paggamit ng salawikain bilang bahagi ng karunungan bayan sa mga komunidad sa Timog Silangang Asya. Sa kanilang pagsusuri, ipinakita nila ang mga iba't ibang gamit at kahalagahan ng salawikain sa pagpapahayag ng mga aral at kaalaman sa mga tradisyonal na lipunan.

Ang layunin ng mga mananaliksik ay matuklasan at masuri ang mga karunungang bayan batay sa mga aspetong ginagamit sa Munisipalidad ng Claver, Surigao del Norte.

## II. RESEARCH QUESTIONS

Layunin ng pananaliksik na ito na maidokumento at mahimay-himay ang mga karunungang bayan na matatagpuan sa munisiplidad ng Claver. Upang matamo ang mga layuning ito, sinikap ng mananaliksik na masagot ang mga tiyak na katanungan batay sa mga sumusunod:

Ano-anong mga uri ng karunungang bayan ang matatagpuan sa munisipalidad ng Claver batay sa:

- Kawikaan;
- Kasabihan;
- Salawikain;
- Sawikain?

Paano nasusuri ang mga karunungang bayan na matatagpuan sa munusipalidad ng Claver batay sa mga sumusunod na aspeto:

- Pagmamahal;
- Kaasalan;

- Panlipunan?

Batay sa isinagawang pagsusuri, ano ang magiging kinalabasan at implikasyon nito bilang ambag sa preserbasyon at pagpapaunlad ng kultura na mayroon ang bayan ng Claver?

## III. METHODOLOGY

Ang desinyo na ginamit sa pananaliksik na ito ay ang kwalitatibong pagsusuri, kung saan nagsagawa nang masusing analisis ng mga nakalap na datos. Sa pamamagitan ng kwalitatibong pagsusuri, layon ng pananaliksik na unawain at bigyang-diin ang kahalagahan at implikasyon ng mga Karunungang Bayan sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng Claver sa komunidad. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga teksto tulad ng kasabihan, kawikaan, sawikain, at salawikain. May 70 na mga nakuhang impormante na mga residente ng Claver, Surigao Del Norte.

Ginamit ang purposive sampling sa pagpili sa kanila. Ito ay isang uri ng *non-probability sampling* kung saan pinipili ang mga kalahok batay sa tiyak na katangian o *criteria* na nauugnay sa layunin ng pag-aaral. Impormal na panayam ang paraang ginamit sa pangangalap ng datos kung saan ang mga impormante ay hinimok na magbahagi

ng kanilang personal na karanasan at kaalaman hinggil sa mga karunungang bayan na kanilang ginagamit. Ang mga pahayag at reaksyon ng mga tagapagsalita ay isinama sa pagsusuri ng salin, pinagmulan, at kahulugan ng bawat uri Karunungang bayan. Sa pamamagitan ng mga bukas na tanong, layunin ng instrumento na maunawaan ang konteksto ng paggamit ng mga karunungang bayan sa araw-araw na pamumuhay ng mga tagapagsalita ng wikang Surigawnon. At gumamit na rin ng istadistikang Frequency Count at Percentage Distribution.

## IV. RESULTS AND DISCUSSION

Sa bahaging na ito ng pag-aaral ay tatalakayin ang mga natuklasan mula sa pananaliksik at ang kanilang mga implikasyon sa larangan ng pag-aaral. Gagamitin ang mga resulta upang maipakita ang kabuuang larawan ng aming pananaliksik at upang makabuo ng mga rekomendasyon para sa mga susunod na hakbang. Susubukan ding suriin ang mga natuklasan nang mas malalim upang maunawaan ang kanilang mga potensyal na epekto at kahalagahan.

Talahanayan blg. 1

**Kabuuang Dami ng Karunungang Bayan ayon sa Bahagdan**

| | **Frequency (F)** | **Percentage (%)** |
|---|---|---|
| Kawikaan | 5 | 14% |
| Kasabihan | 10 | 29% |
| Salawikain | 10 | 29% |
| Sawikain | 10 | 28% |
| **Kabuuang Bahagdan** | 35 | 100% |

Makikita sa talahanayan blg. 1 ang kabuuang dami ng karunungang bayan ayon sa pagbabahagdan. Ito ay tumatalakay sa mga uri ng karunungang bayan na Kawikaan na may 5 frequency na tumutumbas sa 8% na bahagdan. Kasabihan naman na may 14 frequency na tumutumbas sa 23% na bahagdan at Salawikain na may 12 na frequency na tumutumbas na 20% na bahagdan. At panghuli, Sawikain na may frequency 30 na tumutumbas 49% na bahagdan. Sa kabuuan, may nalikom na 61 dami ng karunungang bayang Clavernon. Pinakamarami ay ang Sawikain at ang pinakamababa ang Kawikaan. Dito napatunayan na ang mga matatandang lumad Calvernon ay mahilig gumamit ng Sawikain dahilan sa kanilang maingat na pagsasalita sa kanilang kapwa o kahit sa mga kapamilya nito upang maiwasang masaktan ang mga damdamin.Ito ang pamamaraan ng kanilang pagdisiplina o pagbigay paala-ala sa mga kamag-anak o kakilala.

Talahanayan blg. 2

**Mga Karunungang Bayan hinggil sa Kawikaan**

| **Kawikaan** | **Salin sa Filipino** |
|---|---|
| Sugata ang Diyos apil nami ana | Salubungin mo ang Dios kasama na kami doon |
| Makahimong kasamok ang pagdumot apan ang gugma mopasaylo sa tanang kalapasan. | Ang poot ay lumilikha ng kaguluhan, ngunit ang pag-ibig ay nagpapatawad sa lahat ng kasalanan |
| Ang pagtahod ug pagbaton ug kahadlok sa Ginoo maoy, sinugdan sa kaalam. | Ang paggalang at pagkatuto na may takot sa Panginoon ang simula ng karunungan. |

| | |
|---|---|
| Hinumdomi ang Ginoo sa tanan mong gibuhat, ug tultolan ka niya sa hustong dalan. | Alalahanin mo ang Panginoon sa lahat ng inyong ginagawa, at papatnubayan ka niya sa tamang landas. |
| Anak pamatia ang gitudlo kanimo sa imong amahan ug patalinghogi ang gisulti sa imong inahan. | Anak, makinig ka sa itinuro sa iyo ng iyong ama at makinig sa sinabi ng iyong ina. |

Makikita sa talahanayan blg. 2 ang mga likom na kawikaan mula sa mga Clavernong impormante.Sa pagsusuri, nasilip na ang mga kawikaan ay naglalaman ng mga aral at payo na may malalim na kahulugan sa buhay ng tao. Ang mga ito ay hindi lamang simpleng mga salita kundi nagdadala rin ng aral at gabay sa pang araw-araw na pamumuhay. Narito ang mga sumusunod na nalikom na karunungang bayan batay sakawikaan kasama ang paliwanag:

**"Sugata ang diyos apil nami ana".** Ito ay patungkol sa isang pananampalatayang Kristiyano o relihiyosong pagdiriwang. Ito ay isang paanyaya o isang pahayag ng pananampalataya na nagsasaad ng pagnanais na magkakasama kayong lahat sa pagharap sa Diyos. Tumukoy sa paghahanda sa muling pagdating ni Hesukristo, Ipinapahayag nito ang kagustuhan na magkasama-sama kayong lahat sa okasyong iyon. Ipinapakita rin nito ang pananampalataya at pagsasama-sama bilang isang komunidad o pamilya sa harap ng Diyos. Minsan ay ginagamit ito sa pagsasabing balang araw ay makakaharap din natin ang Diyos kapag ito ay nag balik na at tayo ay magkakasama sa pag harap sa Diyos.

**"Makahimong kasamok ang pagdumot apan ang gugma mopasaylo sa tanang kalapasan".** Ang pahayag na ito ay naglalaman ng malalim na aral tungkol sa pagmamahal, pagpapatawad, at pagkakaisa, na nagiging gabay sa tamang pamumuhay at pakikisalamuha sa kapwa. Ang pahayag ay naglalaman ng aral na ang galit ay maaaring magdulot ng kaguluhan at hindi pagkakaunawaan, ngunit ang pagmamahal ay may kakayahan na magpatawad at magbigay ng kapatawaran sa lahat ng pagkakamali. Pinapakita ng pahayag na ito na kapag mas nangingibabaw ang pagmamahal at pagpapatawad ay nananatili ang kapayapaan sa bawat isa nagbibigay ito ng payo upang mapabuti ang ugnayan sa ating kapwa tao.

**"Ang pagtahod ug pagbaton ug kahadlok sa Ginoo maoy sinugdan sa kaalam".** Ang pahayag na ito ay nagbibigay ng isang mahalagang aral na ang karunungan ay nagsisimula sa pagkilala at paggalang sa Diyos. Itinuturo ng pahayag na ang tunay na kaalaman at karunungan ay hindi nagmumula sa sarili, kundi sa mas mataas na kapangyarihan, ibig sabihin ay ang ating mga kaalaman ay nanggaling sa Diyos at ang kaalaman natin ay magsisimula sa paggalang sa Diyos dahil siya ang nagbibigay sa atin ng kaalaman at hindi ang sarili lamang natin.

**"Hinumdomi ang Ginoo sa tanan mong gibuhat, ug tultolan ka niya sa hustong dalan".** Ang pahayag na ito ay nagbibigay ng gabay na dapat sa lahat ng ating gagawin ay dapat natin tandaan na andyan ang Diyos para sa atin. Ayon kay Chupita (2024) na kahit ano paman ang ating gawin o kung tayo man ay gagawa ng desisyon ay lagi nating tatandaan na nandyan ang Diyos lagi nating kasama at nagbibigay sa atin ng gabay, kaya kung mayroon man tayong gagawin ay dapat na mag dasal tayo sa kanya upang magabayan tayo sa ating gagawin at ito ay magreresulta sa tamang direksyon. Ang pahayag na ito ay nagbibigay ng aral na kung saan ay dapat nating isama ang Diyos sa lahat ng ating gagawin upang mas magabayan tayo at maitama ang landas na ating tatahakin.

**"Anak pamatia ang gitudlo kanimo sa imong amahan ug patalinghogi ang gisulti sa imong inahan".** Ang pahayag na ito ay nagpapahayag na ang paggalang at pakikinig sa mga magulang ay hindi lamang nagtataguyod ng magandang asal kundi nagbibigay rin ng karunungan na magagamit sa buhay. Sa pamamagitan ng pakikinig at pagbibigay-pansin sa mga payo ng ating magulang ay mas mapapabuti landas na ating tatahakin.

Sa kabuuan, ang kawikaang ito ay mailalarawan bilang gabay para sa moralidad at pagpapahalaga sa buhay. Ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pananampalataya, pag-ibig, at respeto sa Diyos at sa kapwa tao. Ang mga aral na ito ay maaaring maging gabay sa paghubog ng isang makataong lipunan na puno ng pagmamahal at paggalang sa isa't isa. Sa pananaliksik ni Dr. Maria Lourdes L. Cantor (2019), ipinakita niya na ang mga kawikaan ay patuloy na nagbibigay-inspirasyon at gabay sa mga Pilipino sa pagharap sa iba't ibang aspeto ng buhay. Binigyang-diin ni Cantor ang kahalagahan ng pagpapahalaga sa tradisyonal na kaalaman na taglay ng mga kawikaan para sa pagpapaunlad ng kultura at pagkakakilanlan ng bansa.

Talahanayan blg. 3

**Mga Karunungang Bayan hinggil sa Kasabihan**

| Kasabihan | Salin sa Filipino |
|---|---|
| Kung dili kaw mamati, bunajan ko kaw kuman | Kung hindi ka makikinig papaluin kita |

| | |
|---|---|
| Ang tawong matuyogon dali ang kamatajon, ang tawong makugi dali maka agi. | Ang taong antokin madali ang kamatayan, ang taong masipag madaling maka daan |
| Wayay pagmahay na nag una, naa sa ulahi gajud na sija. | Walang pagsisisi na nasa una, nasa huli talaga ang pagsisisi |
| Mata ang gamiton dili ang baba | Mata ang gagamitin at hindi ang bibig |
| Ajaw kalimte na naglibot ang kalibutan | Huwag mong kalimutan na umiikot ang mundo |
| Marajaw pa ang kwarta jauy tawo, ang tawo waya'y kwarta | Mabuti paang pera may tao ang tao walang pera |
| Tarung skwela kay amo ray ikapabayon na dili kawaton | Mag-aral ka ng mabuti sapagkat iyan lamang ang aming mapapabaon na hindi matatangay nino man |
| Kon jaoy tag tanom jaoy anihon | Kung may itinanim, may aanihin |
| Kun dili ka maningkamot, ngitngit pa sa alketran imong kinabuhi | Kung hindi ka magsusumikap mas madilim pa sa alketran ang iyong buhay |
| Padug-on para makakat-on | Paduguin para may matutunan |

Makikita sa talahanayan blg. 3 mga likom na kasabihan ang ginawang pananaliksik, ang kasabihan ay nagpapahayag na nagbibigay ng payo o nagsasaad ng katotohanan kung saan ang mga salitang ginagamit ay payak at madaling maintindihan. Narito ang mga sumusunod na nalikom na karunungang bayan batay sa kawikaan:

**"Kung dili kaw mamati, bunajan ko kaw kuman".** Ang pahayag na ito ay nagbibigay ng direktang babala tungkol sa mga posibleng kahihinatnan ng hindi pakikinig at pagiging hindi masunurin. Ang pahayag ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pakikinig at pagtanggap ng mga aral at payo mula sa iba. Bilang isang bata, kailangan makinig sa mga magulang, obligasyon na mapabuti ang mga anak sa pamamaraang binibigyang sila ng pag disiplina sa pamamagitan ng isang kasabihang "kung dili kaw mamati, bunajan ko kaw kuman"

**"Ang tawong matuyogon dali ang kamatajon, ang tawong makugi dali maka agi".** Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng kasipagan at determinasyon sa pamamagitan ng paghahambing ng dalawang uri ng tao: ang matuyogon (tamad) at ang makugi (masipag). Ipinapakita nito na ang tamad na tao ay hindi magtatagumpay sa buhay samantalang ang masipag na tao ay madaling makamit ang kanyang mga pangarap sa buhay. Ito din ay nagpapahayag ng katotohanan na kapag ang taong masipag ay magiging matagumpay sa kanyang mga layunin sa buhay.

**"Wayay pagmahay na nag una, naa sa ulahi gajud na sija".** Ito ay isang paalala na ang pagsisisi ay nauuna kundi laging dumarating pagkatapos ng isang maling desisyon o aksyon. Ang mga katagang ito ay isang matandang kasabihan na ang ibig sabihin ay pagsisisi para sa isang pagkakamaling nagawa. Bawat aktibidad at pasya na gagawin ng tao ay may kinahihinatnan. Kadalasan, ang mga maling pasya ang nagdudulot sa tao ng pagsisisi sapagkat ito ay nagbubunga ng mga hindi maganda o kaaya-ayang pangyayari. Anumang nagawang mali ay hindi na mababawi pa, kaya maaaring maging maingat sa mga pagpapasya upang hindi ito pagsisihan sa huli.

**"Mata ang gamiton dili ang baba".** ang kasabihang ito ay nagbibigay ng direktang payo na gamitin ang mata (obserbasyon) kaysa bibig (pagsasalita), na nagmumungkahi ng kahalagahan ng pagmamasid at pag-iingat bago magsalita. kadalasan ay nauuna ang reklamo bago ang gawa, tulad na lamang kung tayo ay naghahanap sa isang gamit na nawawala, talak tayo ng talak bago ito hanapin gamit ang ating mga mata. Dapat na gamitin ang mata sa paghahanap kaysa bibig sa pagsasalita.

**"Ajaw kalimte na naglibot ang kalibutan".** Ang kasabihang ito ay nagbibigay ng paalala na huwag kalimutan na umiikot ang mundo. Ito ay nangangahulugang dapat tandaan na ang buhay ay patuloy na nagbabago, ito ay isang payo tungkol sa pagtanggap ng pagbabago at pagiging handa sa anumang mangyayari. Bilang isang tao na nabubuhay sa mundo, hindi permanente ang buhay na ating kinatatayuan.

**"Marajaw pa ang kwarta naay tawo, ang tawo wayay kwarta".** Ipinapahiwatig sa kasabihang ito na mas mabuti pa ang pera ay may nakalagay na tao samantalang ang tao siyang nangangailangan ng pera ay walang pera. Ang kasabihang ito ay literal lamang na nagpapahiwatig na hindi nawawala ang tao sa pera pero ang tao ay nawawalan o nauubusan ng pera.

**"Tarung skuwela kay mao ray ikapabayon na dili kawaton".** Ang kasabihang ito ay nanggaling sa magulang, ito ay nag-uudyok ng tamang pagpapahalaga sa edukasyon bilang pundasyon ng tagumpay at kaunlaran ng kanilang mga anak. Tulad ng karamihan sa mga kasabihan, ang pahayag na ito ay maikli ngunit naglalaman ng malalim na kahulugan. Ang kasabihang ito ay nagpapahiwatig na ang mga magulang ay nais na ang kanilang mga anak ay makapagtapos ng pag-aaral at maging mabuting tao at lalong-lalo na para makamit ang tagumpay sa buhay.

**"Kon jaoy tag tanom jaoy anihon".** Ang kasabihang ito ay maikli ngunit naglalaman ng malalim na kahulugan. Ito ay nangangahulugan na kapag ang isang tao ay matipid, marunong mag-ipon ay may mapagkukuhanan siya sa mga oras ng pangangailangan. Lalong-lalo na sa panahon ngayon, ang kasabihang ito ay nakakatulong sa atin bilang payo dahil sa mga mamahaling bilihin, kung Ikaw ay magtatanim ng mga gulay, prutas at iba pa ay makakaani ka pagdating ng panahon na ito ay pweding nang anihin.

**"Kun dili ka maningkamot, ngitngit pa sa alketran imong kinabuhi".** Ito ay isang kasabihan na nagpapahayag ng katotohanan na ang kakulangan ng pagpupunyagi ay maaaring magdulot ng pait o kahirapan sa buhay. Ang paggamit ng "ngitngit pa sa alketran" ay nagpapahiwatig ng negatibong epekto ng hindi pagpupunyagi sa buhay. Makikita sa pahayag na ito ang pagsasaad ng katotohanan na kapag hindi tayo nag sikap sa ating buhay ay hindi natin maaabot ang ating mga pangarap at wala tayong magandang buhay na madadatnan. Kaya mahalaga ang pagkakaroon ng pangarap upang maging porsigido tayo sa pag-abot nito.

**"Padug-on para makakat-on".** Ang kasabihang ito ay nagbibigay ng isang payo o aral. Sa kasabihang ito, ang pahayag ay diretsong nagsasaad na kailangan ka munang pahirapan upang ikaw may matutonan. Ang pahayag ay nagbibigay ng aral sa buhay, ang pagkatuto ay dumarating sa pamamagitan ng pagsusumikap at pagtitiis. Ito ay isang mahalagang payo na madaling maunawaan at tandaan. Bilang isang tao hindi tayo pwedeng mangarap ng hindi natin ito pagsikapan, kailangan nating magtiis sa pagsubok, dahil ang lahat ng paghihirap ay nagdudulot ng magandang resulta. Sa pahayag na "padug-on para makakat-on", kailangan nating tandaan na sa buhay ng tao ay walang madaling sitwasyon, lahat dumarating sa mahirap na sitwasyon, kung gusto mong magkaroon ng magandang buhay kailangan mo itong pag trabahuan at lagpasan dahil sa pamamagitan ng problema, tayo ay natututo sa maraming bagay.

Sa kabuuan, ang kasabihan ay mga pahayag na naglalaman ng aral, karunungan, o payo na ginagamit ng mga matatanda upang magturo sa mga nakababatang henerasyon. Halimbawa "Kun dili ka maningkamot, ngitngit pa sa alketran imong kinabuhi" na nagpapahiwatig ng katotohanan na ang kakulangan ng pagpupunyagi ay maaaring magdulot ng pait o kahirapan sa buhay. Makikita sa pahayag na ito ang pagsasaad ng katotohanan na kapag hindi tayo nag sikap sa ating buhay ay hindi natin maaabot ang ating mga pangarap. Kaya mahalaga ang pagkakaroon ng pangarap upang maging porsigido sa pag-abot nito.

Talahanayan blg. 4

**Mga Karunungang Bayan hinggil sa Salawikain**

| **Salawikain** | **Salin sa Filipino** |
|---|---|
| Kung hae an bigay adto an baktin | Kung saan ang inahin nandoon din ang mga biik |
| Sa isa ka daog na lubi jauy gajud isa kabuang | Sa isang kumpol na niyog, mayroon talagang isang baliw |
| Ajaw kamo sin away kay sumpay pusod ra kamo | Huwag kayo mag away kasi magkarugtong lang ang pusod niyo. |
| Abtan nan siyam-siyam | Aabotan ng matagal na oras |
| Unaha anay pag silhig ang imong tugkaran, ayha manghinlo sa uban. | Unahin mong walisin ang iyong bakuran bago mo linisan ang ibang bakuran. |
| Ajaw adto og gira kun way bala | Huwag sasabak sa gyera kung wala kang bala |
| Kon hain ang tam-is jadto sab an mga hulmigas | Kung saan ang matamis nandoon din ang mga langgam |
| Dagko karabao pero way hibayo | Malaking kalabaw pero walang kaalaman |
| Ang sako nga puno dili mabaliko, ang sako nga way suyod dili matindog | Ang sako na puno hindi matitiklop, ang sako na walang laman ay hindi tatayo |
| Way aso na makomkom | Walang usok na nahahawakan |

Makikita sa talahanayan blg. 4 ang mga nalikom na Salawikain ang ginawang pananaliksik, ang mga nalikom na salawikain ay karaniwang patalinghaga na may kahulugang nakatago at nasusulat ng may sukat at tugma. Gabay sa pamumuhay, may aral anyong patula kung saan ito ay nagbibigay ng gintong aral.

**“Kung hae an bigay adto an baktin”.** Ipinapahiwatig nito na kung saan man naroon ang ina, nariyan din ang mga anak na naglalarawan ng pagsunod ng mga anak sa kanilang magulang. Ayon kay Nautan (2024) na dapat ay sumunod kayong mga kabataan sa inyong magulang dahil bata pa kayo at kailangan pa ninyo sila upang gabayan kayo sa tamang landas ng buhay. Nakakatulong ang pahayag na ito upang mahalin natin ang ating mga magulang habang kasama pa natin sila dahil darating ang panahon nang paglaki natin at hindi na natin sila makakasama kaya huwag nating kalimutan ang mga binuhos na pagmamahal at pag-aaruga nila sa atin.

**“Sa isa ka daog na lubi jauy gajud isa kabuang”.** Ang pahayag na ito ay tradisyunal na kasabihan na naglalaman ng aral o karunungan mula sa karanasan ng mga ninuno. Ito ay naglalarawan ng isang katotohanan o realidad na makikita sa buhay, kung saan sinasabi nito na sa isang pamilya ay hindi lahat perpekto. Ito ay nagpapahiwatig din na sa anumang grupo ng tao o bagay, laging mayroong isa o ilan na hindi umaangkop o hindi sumusunod sa inaasahang pamantayan.

**"Ajaw kamo sin away kay sumpay pusod ra kamo".** Ipinapakita ng pahayag na ito ang kahalagahan ng samahan at pagmamahalan ng magkapatid o pamilya ay hindi dapat mawala sa gitna ng anumang hamon o hidwaan. Ang pahayag na ito ay nagbibigay ng payo para sa mga magkakapatid na huwag mag away dahil ang magkakapatid ay dapat na nagkakampihan at nagdadamayan at hindi nag aaway o nagbabangayan dahil kahit ano paman ang mangyari at sa pagdating panahon na tatanda na tayo ay wala tayong ibang malalapitan kundi ang ating mga pamilya lamang lalong lalo na ang ating kapatid

**"Abtan nan siyam-siyam".** Ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig na ang isang bagay ay magaganap sa tamang panahon, subalit maaaring maghintay ng matagal o mahaba bago ito mangyari. Ginagamit ang pahayag na ito upang pagsabihan ang isang tao na hindi dapat magsayang ng oras o maghintay sa isang walang kabuluhang bagay. Nakakatulong ang pahayag na ito upang kahit hindi niya sabihin na mabagal kumilos ang isang tao ay malalaman niya agad ito dahil sa ganitong pahayag na huwag ng hintayin na masasayang lang ang oras sa kapag mabagal ang pagkilos sa anumang gawain.

**"Unaha anay pag silhig ang imong tugkaran, ayha manghinlo sa uban".** Ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng pagtutok sa sariling mga kamalian at pagpapabuti bago manghusga o mangialam sa ibang tao. Ito ay isang paalala na bago tayo mangaral, magbigay ng payo, o manghusga sa iba, mahalaga na tayo mismo ay magkaroon ng integridad at linis sa mga gawain at desisyon. Sa pamamagitan ng pagsasaayos ng ating sariling buhay at pag-aayos ng ating mga kamalian, mas magiging epektibo sa pagtulong sa iba. Hindi dapat mangingialam sa buhay ng iba kung hindi pa maayos ang ating sarili. Sa pamamagitan ng pag-unawa at pagpapahalaga sa pahayag na ito, natututunan natin ang kahalagahan ng pagiging responsableng indibidwal at pagiging maayos na halimbawa sa iba. Ito ay isang paalala na ang pagbabago at pagpapabuti ay dapat magsimula sa ating sarili.

**"Ajaw adto nan gira kun way bala".** Ang pahayag na ito ay nagpapayo na huwag kang pumunta sa isang lugar kung wala kang dala o handa kang gamitin na bala o panlaban, upang maiwasan ang panganib o problema. Ayon kay Catong (2024) na dapat maging handa tayo sa mga problema na darating sa ating buhay dahil alam naman natin na habang tumatanda tayo mas maraming problema ang darating pa at kapag hindi tayo handa mas lalo pang maghihirap. Nakakatulong ang pahayag na ito upang iparating sa atin na dapat ay may lakas ng loob tayong harapin ang mga hamon na darating pa sa ating buhay.

**“Kon hain ang tam-is jadto sab an mga hulmigas".** Ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig ng katotohanan na ang mga langgam, tulad ng mga hulmigas ay natutuwa kong may matatamis na pagkain na naiwan sa isang misa dahil ito ay magiging pagkain nila Kung pag-uusapan naman sa mga tao, ayon kay Catong (2024) kung saan ang ayuda o mga tulong ay naroon din ang mga tao, lalong lalo na ang mga taong nangangailangan ng tulong lalong lalo na sa panahon ng bagyo o ng pandemya. Noon paman ay may dumarating na mga tulong kapag may nangyayari tulad na lamang ng bagyo, ang mga gobyerno ay nagbibigay ng tulong sa mga tao laong laong na sa mga nasalanta. Kaya sinasabi nito na “kung asa ang tam-is” o “kung saan ang matamis” ay ipinapahiwatig nito na kung saan ang biyaya o tulong ay naroon din ang mga “langgam” o ang mga tao.

**"Dagko karabao pero way hibayo".** Ang pahayag ay nagpapahiwatig na kahit na malalaki ang katawan ng mga kalabaw, wala naman silang alam o kaalaman. Ipinapahiwatig nito na may mga tao na malaki ang katawan ngunit

mahina ang pag-iisip o walang alam ngunit hindi lahat ng tao ay malaki lang ang katawan ngunit walang alam mayroon ding mga taong malalaking ang katawan ngunit mayroong kaalaman kaya't huwag tayong manghusga kung ano man sya. Ginagamit lamang ang pahayag na ito sa kapag ang Isang tao ay nakikita nilang katawan lang ang malaki ngunit hindi ginagamit ang isip.

**"Ang sako nga puno dili mabaliko, ang sako nga way suyod dili matindog".** Ito ay nagpapahayag ng kahalagahan ng pagiging maayos at handa sa mga gawain o tungkulin. Ang sako na puno ng laman ay hindi magiging baluktot, at ang sako na walang suyod o laman ay maaring madaling mabuloktot o mabigo. Kaya kung may kaalaman ka ay kahit na anong pagsubok ay hindi ka agad natitiklop o sumusuko kapag ang taong walang kaalaman ay maaring mas madaling sumuko sa pagsubok.

**"Way aso na makomkom".** Ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig na walang sekretong hindi mabubunyag. Ito ay nagbibigay diin sa katotohanan na, sa huli ang mga lihim o sekreto ay hindi magtatagal at tiyak na mabubunyag din. Ipinapaalala ng kasabihang ito na ang katotohanan ay laging mangingibabaw at hindi magtatagal ang mga bagay na itinatago o iniingatan ay malalaman. Ito ay paalala na mahalaga ang pagiging tapat at bukas sa komunikasyon upang maiwasan ang mga hindi pagkakaintindihan o mga isyu na maaaring maging sanhi ng hidwaan.

Sa kabuuan, ang pananaliksik ay nagpapakita ng kahalagahan ng mga salawikain bilang bahagi ng kultura at pananaw ng mga Pilipino sa buhay. Ang mga ito ay naglalaman ng mga aral at payo na patuloy na nagbibigay-gabay at nagpapalakas ng kabataann sa pag-aaral ni Dr. Juan at ng buong lipunan. Ayon kay dela Cruz (2020), ang mga "Salawikain" o kasabihang Filipino ay naglalarawan ng mga kaugalian, pananaw, at karunungan ng mga Pilipino. Binibigyang-diin ni Dela Cruz ang papel ng mga salawikain sa pagpapahayag ng pagkakakilanlan at pagpapahalaga ng isang kultura.

Talahanayan blg. 5

**Mga Karunungang Bayan hinggil sa Sawikain**

| Sawikain | Salin sa Filipino |
|---|---|
| Mahilis man gani ang batong bantilis labi na kaha imo kasing-kasing na dili matandog. | Natutunaw nga ang batong granito yung puso mo pa kaya na hindi natitinag |
| Sugton ko rakaw kon maputi na an uwak | Sasagutin lang kita kapag pumuti na ang uwak |
| Nanimaho'g ahos | Nangangamoy bawang |
| Langit ray nasayod | Langit lang ang nakakaalam |
| Hutok og ilong | Malambot ang ilong |
| Nabali na, ang suba na ang nisaka sa bukid | Bumaliktad na, ang ilog ay umaakyat sa bukid |
| Gahi paman kaw sa magkono | Mas matigas ka pa sa matigas na kahoy |
| Kabuang ni kolas mo pauli sa lawas | Ang kalokohan ni kolas ay babalik sa kanyang sarili |
| Arang man kun sili na kun pag pusa mo hayang dajon | Hindi katulad ng sili na kung pipisain aanghang kaagad. |
| Dili mamunga ang santol nan mangga | Hindi namumunga ng santol ang mangga |

Makikita sa talahanayan blg. 5 ang mga likom na Sawikain ang ginawang pag-aaral, ang sawikain ay mga salita o pangkat ng mga salita na patalinghaga at di-tuwirang naglalarawan sa isang bagay, sitwasyong o pangyayari.

**"Mahilis man gani ang batong bantilis labi na kaha imo kasing-kasing na dili matandog".** Ito ay gumagamit ng mga matalinghagang salita. Ang paggamit ng "batong granite" bilang metapora para sa matigas na bagay at paghahambing nito sa "puso mo na hindi natitinag" ay nagpapakita ng matalinghagang paraan ng pagpapahayag ng mensahe. Hindi ito tungkol sa tunay na pagtunaw ng granite kundi isang paraan ng pagsasabi na kahit ang pinakamahihirap at tila imposibleng bagay ay maaaring mangyari, kaya't ang matigas na puso ay maaari ring magbago. Ang ibig sabihin ng pahayag na ito ay nangangahulugang ang matigas na puso ng isang tao ay maaaring lumambot. Kahit paman sabihin ng isang tao na ayaw niya nang umibig kung dumating ang tadhana ay wala na siyang magagawa.

**"Sugton ko rakaw kun maputi na an uwak".** Ito ay nagpapahayag ng tungkol sa isang bagay na imposible o hindi mangyayari, ang uwak ay kilala sa pagiging maitim nito, kaya ang pagpapaputi sa uwak ay imposible. Ang "sasagutin

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

lang kita kapag pumuti na Ang uwak" ay hindi nangangahulugang maghihintay hanggang magbago ang kulay ng isang uwak, Kun di ito ay isang paraan ng pagsasabi na hindi kailanman mangyayari ang hinihiling o inaasahan.

**“Nanimaho’g ahos”.** Ito ay nagpapahayag na mayroong okasyon na magaganap tulad ng kasal, kaarawan, fiesta at iba pa dahil ang mga okasyon na ito ay karaniwan may nagaganap na preperasyon sa pagluluto ng pagkain na kung saan ito ay ginagamitan ng mga sangkap katulad ng bawang at iba pa. Ayon kay Bayogbog (2024) sa tuwing may handaan talaga ay palaging naaamoy ang bawang sa bawat putahi na lulutuin na pagkain. Ang bawang ay palaging isa sa kasangkapan sa mga lulutuin na handa sa isang okasyon ito ay nangangamoy kapag niluluto at nagbibigay din ito ng sarap sa isang pagkain.

**“Langit ray nasayod”.** Ang pahayag na ito ay nangangahulugang tanging ang Dios lamang ang nakakaalam ng katotohanan hindi ang mga tao o sino man. ito ay maihahalintulad sa isang sitwasyon na hinuhusgahan ka ng ibang tao ng hindi nila alam an tunay na ng yari at dahilan. Tanging sa Dios kana lamang kumakapit na kahit husgahan ka man lahat alam ng Diyos ang katotohanan at tunay na dahilan na kailan may hindi ka niya huhusgahan.

**"Hutok og ilong".** Ang pahayag na ito ay nangangahulugang madaling mapapayag sa alok o kagustohan ng iba. Ito ay maihahalintulad sa isang babae na kapag nililigawan madali itong mapa oo sa nang liligaw sa kaniya o madali itong mapapayag. Hindi kailangan Ng mahabang panahon sa ligawa dahil mabilis lang mapa oo o mapasagot.

**"Nabali na, ang suba na ang nisaka sa bukid".** Ito ay nangangahulugang pagiging sunod sunoran ng lalaki sa kaniyang asawa. Ito ay maihahalintulad sa mag asawa na sunod sunoran ang lalaki sa kagustohan kaniyang asawa na kahit hindi gawain ng lalaki ang gawaing bahay katulad ng paglalaba at iba pa ay siya ang gumawa na maihahalintulad natin sa ilog at bundok na alam naman natin hindi kailanman man makikita naang ilog ay umakyat na bundok pero dahil sa pagka baliktad ng sitwasyon tulad sa mag asawa na ang gawaing bahay ay lalaki naang gumagawa.

**"Gahi paman kaw sa magkono".** Ang pahayag na ito ay nangangahulugan ang isang tao ay mahirap utusan o hindi madaling pakiusapan dahil mayroon talagang mga tao na matigas mahirap utuson at pakiusap na maihahalintulad sa isang kahoy na magkono na na matigas at hindi na titinag.

**"Kabuang ni Kolas mo pauli sa lawas".** Ito ay nagpapahayag na kapag inabuso ang katawan at kalusugan ay babalik sa sarili bilang resulta nito. Kung ano ang mga hindi magandang ginagawa ay ibabalik dinito ang magiging resulta ng pang aabuso mismo sa sarili. Kung ano man ang ginawa ng isang tao na hindi nakakabuti sa kanyang sarili kahit alam Naman niya na mali ay sa bandang huli siya lang din ang sisingilin ng ginawa niyang pang aabuso sa kanyang katawan.

**“Arang man kun sili na kun pag pusa mo hayang dajon”.** Ang pahayag na ito ay nangangahulugang na kung ano ang itinago mong sekreto lalabas parin Ang katotohanan, hindi man sa ngayon pero darating rin ang panahon na mabubunyag ito. Dahil walang sekreto na naitatago mabubunyag din ang lahat, at hindi tulad ng sili na kung pipisain aanghang agad gayon din ang sekreto na kapag may ginawa kang mali na ayaw mong malaman ng iba ay itatago mo ito pero alam mo sa sarili mo na ang sekreto ito maitatago sa maikling panahon lamang.

**"Dili mamunga ang santol nan mangga".** Ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig na kung ano puno siya rin ang bunga kumbaga kung ano ang kilos o gawi ng mga magulang ay ganon din ang anak. Kaya’t kung ano ang mga ginagawa ng magulang na nakikita ng anak ganon din ang ginagawa niya kung ano ang kilos ng magulang ay maaring masunod o mamana ng isang anak.

Talahayan blg. 6

**Mga Karunungang Bayan na ginagamit batay sa Pagmamahal**

| Karunungang bayan sa pagmamahal | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| Sugata ang diyos apil nami ana | Ito ay isang isang pahayag ng pananampalataya na nagsasaad ng pagnanais na magkakasama kayong lahat sa pagharap sa Diyos. |
| Makahimong kasamok ang pagdumot apan ang gugma mopasaylo sa tanang kalapasan | Ito ay tungkol sa pagmamahal at pagpapatawad na nagiging gabay sa tamang pakikisalamuha sa kapwa. |
| Kung hae an bigay adto an baktin | Ipinapahiwatig nito ang pagsunod ng mga anak sa kanilang magulang. |


DOI: 10.48175/IJARSCT-19441

| | |
|---|---|
| Ajaw kamo sin away kay sumpay pusod ra kamo | Ito ay nagbibigay ng payo sa mga magkakapatid na huwag mag away at dapat na nagkakampihan at nagdadamayan. |
| Hutok ug ilong | Ito ay nangangahulugang madaling mapapayag sa alok ng iba. |
| Nabali na, ang suba na ang nisaka sa bukid | Ito ay nangangahulugan ng pagiging sunod sunoran ng lalaki sa kaniyang asawa. |
| Mahilis man gani ang batong bantilis labi na kaha imo kasing-kasing na dili matandog | Ito ay isang paraan ng pagsasabi na kahit ang pinakamahihirap na bagay ay maaaring mangyari, kaya't ang matigas na puso ay maaari ring magbago. |
| Sugton ko ra kaw kon maputi na an uwak | Ito ay tungkol sa isang bagay na imposibleng mangyayari o pagtanggi, ang uwak ay kilala sa pagiging maitim nito, kaya ang pagpapaputi sa uwak ay imposible. |
| Nanimaho'g ahos | Ito ay nangangahulugang mayroong okasyon na magaganap tulad ng kasal, kaarawan, fiesta at iba pa. sa pagluluto ng pagkain, ito ay ginagamitan ng mga sangkap katulad ng bawang at iba pa. |
| Langit ray nasayod | Ang pahayag na ito ay nangangahulugang tanging ang Dios lamang ang nakakaalam ng katotohanan hindi ang mga tao o sino man. |

Nabatid rin ang kahalagahan ng pagiging tapat at totoo sa salita, tulad ng ipinapakita sa kasabihang "Sugton ko ra kaw kon maputi na an uwak". Ito ay nagpapakita ng pagtutok sa katapatan at pagkawalang seryoso sa mga pangako at mga responsibilidad sa mga relasyon. Isa pang mahalagang aspeto na natukoy sa kaalamang tradisyonal na gawi at pamamaraan ng pagsasama-sama ng mag-anak, tulad ng ipinapakita sa kasabihang "Kung hae an bigay adto an baktin". Ito ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng pag-aalaga at pag respeto sa mga magulang, at pagkilala sa kanilang papel bilang gabay at tagapayo sa buhay.

Ayon kay Reyes (2015), ang mga kasabihan ay hindi lamang simpleng salita kundi naglalaman din ng mga tagubilin at aral na nagmumula sa karanasan ng mga nakatatanda. Ipinapakita ng mga ito ang mga kaugalian at pamamaraan ng lipunan na nagpapahalaga sa mga halaga tulad ng pag-ibig, pagtitiwala, at respeto sa mga relasyon

Talahanayan blg. 7

**Mga Karunungang Bayan na ginagamit batay sa Kaasalan**

| Karunungang bayan sa Kaasalan | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| Ang pagtahod ug pagbaton ug kahadlok sa Ginoo, maoy sinugdan sa kaalam | Ipinapahiwatig na ang kaalaman ng isang tao ay magsisimula sa paggalang sa Diyos dahil siya ang nagbibigay sa atin ng kaalaman at hindi ang sarili lamang natin. |
| Hinumdomi ang Ginoo sa tanan mong gibuhat, ug tultolan ka niya sa hustong dalan | Ipinapahiwatig na wag kalimutan ang Poong Maykapal sa lahat upang mas magabayan tayo at maitama ang landas na ating tatahakin. |
| Anak pamatia ang gitudlo kanimo sa imong amahan ug patalinghogi ang gisulti sa imong inahan | Ito ay nagpapahayag ng paggalang at pakikinig sa mga magulang ay hindi lamang nagtataguyod ng magandang asal kundi nagbibigay din ng karunungan na magagamit sa buhay. |
| Kung dili kaw mamati, bunajan ko kaw kuman | Ito ay direktang babala tungkol sa mga posibleng kahihinatnan ng hindi pakikinig at pagiging hindi masunurin ng anak sa magulang. |
| Ang tawong matuyogon dali ang kamatayon, ang tawong makugi dali maka agi | Ipinapakita nito na ang tamad na tao ay hindi magtatagumpay sa buhay samantalang ang masipag na tao ay madaling |

| | |
|---|---|
| | makamit ang kanyang mga pangarap sa buhay. |
| Ilubong rkan sa limot | Ito ay tungkol sa kahalagahan ng pagpapatawad at paglimot sa mga negatibong karanasan o nakaraan. |
| Wayay pagmahay na nag-una, jaun sa ulahi gajud na sija | Ito ay isang paalala na ang pagsisisi ay hindi nauuna kundi laging dumarating pagkatapos ng isang maling desisyon o aksyon. |
| Mata ang gamiton dili ang baba | Ito ay nagbibigay ng direktang payo na gamitin ang mata kaysa bibig sa paghahanap ng bagay na nawawala. |
| Kun jauy tagtanom jauy anihon | Ito ay nangangahulugan na kung masipag ka meron kang makukuha o maaabot |

Makikita sa talahanayan blg. 7, ang mga Karunungang Bayan na ginagamit batay sa Kaasalan mga kahulugan ng karunungang bayan, malinaw na lumitaw ang mga halaga at aral na nailahad ng mga ito na kaugnay sa kaasalan. Isa sa mga pangunahing mensahe na naitala ay ang kahalagahan ng pagiging disiplinado at masunurin sa mga alituntunin at regulasyon, kahit na mas marami pang ibang bagay ang naisin. Ipinapakita ng mga pahayag na ito ang importansya ng pagkakaroon ng tamang balanse sa pagitan ng sariling kagustuhan at pagrespeto sa mga batas at kaayusan ng lipunan. Bukod dito, matapos pag-aralan ang mga kasabihan, naipakita rin ang kahalagahan ng pagtitiyaga at pagpupunyagi sa pag-abot ng mga layunin at pangarap sa buhay. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsisikap at hindi pagbibitaw, maaaring marating ng bawat isa ang kanilang mga minimithi at magtagumpay sa kanilang mga adhikain. Sa kabuuan, ang mga karunungang bayan na ito na kaugnay sa kaasalan ay nagbibigay-diin sa mga halagang moral at spiritual na mahalaga sa paghubog ng isang mabuting mamamayan.

Ang gawa ni Mieder (2019) ay sumasaliksik sa patuloy na kahalagahan ng mga kasabihan sa modernong lipunan, na nagbibigay-diin kung paano ang mga maigsing pahayag na ito ng karunungan ng masa ay patuloy na umaangkop sa iba't ibang henerasyon. Nililinaw niya kung paano ang mga kasabihan ay nagpapakita ng mga halaga ng kultura, mga panuntunan sa lipunan, at kolektibong mga karanasan, na naglilingkod bilang mahahalagang kasangkapan para sa komunikasyon at gabay moral.

Talahanayan blg. 8

**Pinagmulan ng mga Karunungang Bayan na ginagamit batay sa Panlipunan**

| **Karunungang bayan sa Panlipunan** | **Pagpapakahulugan** |
|---|---|
| Ajaw kalimte na naglibot ang kalibutan | Ito ay nangangahulugan na tandaan na walang permanente sa buhay ang lahat ay nagbabago. |
| Marajaw pa ang kwarta jauy tawo, ang tawo wayay kwarta. | Ipinapahiwatig sa nito na mas mabuti pa ang pera ay may nakalagay na tao samantalang ang tao na siyang nangangailangan ng pera ay walang pera. |
| Sa isa ka daog na lubi jauy gajud isa kabuang | Ito ay naglalarawan na sa isang pamilya ay hindi lahat perpekto o hindi lahat pare-pareho ang katangian. |
| Abtan og siyam-siyam | Ito ay nangangahulugan ng pagiging mabagal kumilos kung kaya't matatagalan o mauunahan pa ng iba. |
| Nagkita man gani an kasili og luwag, silingan pa kaha | Ipinapahayag nito na kung ang dalawang bagay na malayo sa isa't isa ay nagkakasalubong, mas lalo na ang mga taong malapit sa isa't isa, tulad ng mga kapitbahay. |
| Ajaw adto og gira kun way bala | Ipinapahiwatig nito ang kahandaan sa kahit na ano pamang pagsubok, dapat ay maging handa. Huwag sumabak sa labanan kung walang kahandaan. |
| Kon hain ang tam-is jadto sab an mga hulmigas | Kung nasaan ang biyaya nandoon rin ang mga tao sapagkat ito ang bagay na makakalutas sa kanilang pangangailangan. |

Makikita sa talahanayan blg. 8, ang mga Karunungang Bayan na ginagamit batay sa Panlipunanmahalaga ang papel sa pagpapahayag ng karunungang bayan at pagbibigay-diin sa mga pang-araw-araw na karanasan ng mga tao. Sa pag-aaral

ng mga ito, natuklasan na ang bawat karunungang bayan ay mayroong malalim na kahulugan at mensahe na nagpapahayag ng mga halaga, paniniwala, at karanasan ng isang kultura. Isaalang-alang ang mga kasabihang "Nagkita man gani an kasili og luwag, silingan pa kaha," na nagpapahiwatig ng pagiging hindi-matagpuan o muling pagkikita kahit anong pagtakas; at "Ajaw adto og gira kun way bala," na nagpapakita ng kahalagahan ng paghahanda bago pumasok sa laban. Ang pag-aaral din sa mga karunungang ito ay nagpapakita na may mga implikasyon sa pag-unlad ng pagkatao at sa pagharap sa mga hamon ng buhay. Samakatuwid, mahalaga ang mgapahayag na ito hindi lamang bilang salamin ng kultura at kaugalian kundi pati na rin bilang mga gabay sa mga indibidwal sa kanilang mga desisyon at pagkilos sa lipunan.

Sa isang pag-aaral ni Garcia (2018), natuklasan na ang mga karunungang bayan ay mayroong mahalagang papel sa pagpapahayag ng kultura at tradisyon ng isang lipunan. Ipinakita ng kanyang pananaliksik na ang mga kasabihang bayan ay hindi lamang simpleng salita kundi mayroon ding malalim na kahulugan at mensahe na maaaring magdulot ng inspirasyon at gabay sa mga tao sa kanilang mga buhay. Dagdag pa ni Santos (2019), ang mga kasabihang bayan ay naglalarawan ng mga pang-araw-araw na karanasan at pananaw ng mga tao sa kanilang paligid. Ipinapakita nito ang kanilang kaalaman, karunungan, at pananampalataya na nagbibigay sa kanila ng lakas at gabay sa pagharap sa mga hamon ng buhay.

## IV. CONCLUSION

Batay sa mga natuklasan ang mga sumusunod ay kongklusyon ng pag-aaral;

Mayaman sa Karunungang bayan ang bayan ng Claver

Ang mga Clavernon ay may takot sa Diyos, may paggalang sa mga magulang, at pagpapahalaga sa kapwa.

ang buklit ng Karunungang bayan ang siyang ambag sa pagpapaunlad ng wika at kulturang Surigawnon

## V. ACKNOWLEDGMENT

Unang-una, lubos po kaming nagpapasalamat sa Panginoong Maykapal sa lahat ng biyaya na ipinagkaloob sa amin lalo na sa pananaliksik na aming isinagawa. Nagpapasasalamat din po ang mga mananaliksik sa mga sumusunod na indibidwal na malaki ang naging bahagi sa pag- aaral sa pamamagitan ng kanilang tulong, kontribusyon, at suporta upang maging matagumpay ang nasabing pag-aaral. Taos-pusong pasasalamat ang aming ipinaaabot sa lahat ng indibidwal, grupo ng indibidwal at maging mga tanggapan na naging bahagi ng tagumpay ng pag-aaral na ito. Si Gng. Geraldine Serdan na gumabay, tumulong, at nagbahagi ng kaalaman upang maging matagumpay ang pananaliksik na ito. Ang lahat ng ito ay may malaking parte sa likod ng pagkakabuo at tagumpay ng pamanahong papel na ito na kung hindi dahil sa inyo ay hindi naming ito magagawa at matatapos ng maayos sa loob lamang ng maikling panahon. Sa tagapayo na si G. Denzel Mark A. Ciruela, para sa paggabay at supportang ibinigay sa mga mananaliksik upang maipagpatuloy at matapo ang isinagawang pag-aaral.

## REFERENCES

**[1].** Bautista, M. C. R. B. (2019). "Wika at Kultura: Mga Pahayag na Naglalarawan ng Halaga ng Filipino." National Commission for Culture and the Arts.

**[2].** Bautista, M. C. R. B. (2020). "Wika at Kultura: Mga Pahayag na Naglalarawan ng Halaga ng Filipino." National Commission for Culture and the Arts.

**[3].** Caroll, J. B. (2019). Wika: Sistema ng mga Sagisag ng Lipunan. Volume 2, Page 156-178.

**[4].** Arrogante, G. (2019). Ang Panitikan bilang Suriin ng Kultura at Identidad. Journal ng Kultura at Kasaysayan, 18(4), 201-215.

**[5].** Atienza, M., et al. (2020). Ang Diwa ng Panitikan: Isang Pag-aaral sa Panitikang Filipino. Journal ng Panitikan at Kultura, 15(1), 78-92.

**[6].** Bautista, M. C. R. B. (2020). "Wika at Kultura: Mga Pahayag na Naglalarawan ng Halaga ng Filipino." National Commission for Culture and the Arts.

**[7].** Caroll, J. B. (2019). Wika: Sistema ng mga Sagisag ng Lipunan. Volume 2, Page 156-178